

# PROLOGUE

Nakangiting lumabas ng hospital room ng kababatang si Sophia Castillo—na malapit nang maging Sophia Legaspi—si Dr. Jordan Legaspi.

Sa harapan ng pamilya nila, nag-propose ang kakambal niyang si Sam sa pinakahuling babae sa balat ng lupa na inisip nilang makakatuluyan nito. Mortal na magkaaway kasi ang dalawa at wala silang kaalam-alam na may kinasasangkutan palang undercover work si Sophia. Naging asset ito ng *NBI* para maresolba ang kasong pagpatay sa matalik nitong kaibigan na si Marielle ilang buwan pa lamang ang nakakalipas.

Masaya siya para sa kakambal at kay Sophia. Mahal niya pareho ang dalawa at kung mayroon mang mga taong gusto niyang maging maligaya, sila na iyon.

May asawa na ang panganay nilang si Oliver. Sa susunod na buwan naman ay ikakasal na ang kakambal nito na si Gareth at may baby na rin ito. Engaged na ang bunso nilang si Sam. Masaya na sa buhay ang mga kapatid niya.

Siya naman ay masaya rin. Hindi naman porke single siya ay hindi na siya masaya. Mas gusto ni Jordan ang buhay na ganoon. Doktor siya, isang cardiologist. Hindi biro ang propesyon niya at lalong hindi biro ang schedule niya kaya hindi rin magiging madali ang makipagrelasyon.

Ngayon nga, dumalaw muna siya kay Sophia bago mag-rounds. Overnight lang kasi ang pamamalagi ng dalaga roon dahil oobserbahan kung may masamang epekto ang drogang nainom nito.

Naresolba na kagabi ang kasong gustong tapusin ni Sophia at napatay sa engkuwentro ang salarin. Napatay ito ng dalawang *NBI* agents nang manlaban ito at tinangkang patayin sina Sam at Sophia.

Ano ba iyan? Wala bang hindi exciting ang buhay sa kanilang magkakapatid? Siya lang yata ang boring ang buhay. Not that he did not like it that way. Mas okay sa kanya iyong may schedule na sinusundan kaysa sa bigla na lang sumusulpot ang mga pangyayaring gaya ng drug overdose o kaya ay raid ng *NBI* agents.

Mabuti na iyong siya ang boring na Legaspi, iyong tatandang binatang Legaspi. I-spoil-in na lang niya ang mga magiging pamangkin. Malamang sa alamang, mapupuno ng mga little Legaspis ang bahay

ng mga magulang niya dahil siguradong hindi santo ang mga kapatid niya.

“Excuse me, Dr. Legaspi!” tawag ng isang tinig mula sa kanyang likuran at nilingon niya ang babae. Parang tumigil ang pagtibok ng puso ni Dan at nanikip ang kanyang dibdib. Bigla siyang nakaramdam ng panlalamig.

Matangkad ang babae, mahaba ang buhok at maganda ang mukhang parang makikita lamang sa mga larawan na ipininta ng isang maestro. Kulang na lang ng pakpak, puwede na itong anghel. Confident ang lakad nito at maganda ang tindig. Maganda rin ang kurba ng katawan. Paglamayan na lang siya kung hindi niya mapansin iyon. She had one hell of a body.

“Yes?” Kinailangan niyang lumunok bago siya makapagsalita. Parang pamilyar ito, pero hindi niya mawari kung saan niya nakilala. Unless, magsisimula siyang maniwala sa konsepto ng soulmates.

Tumigil ito sa tapat niya at ngumiti, pero mabilis ding napalitan ng pagkalito ang expression nitong iyon. “Hindi ikaw si Sam,” sabi nito.

Nagulat si Jordan. Sa tanang buhay nila, iilan lang ang nakakatama sa pagtawag sa kanila. Laging biro ni Gareth na magpapa-tattoo na ito ng name tag

sa noo dahil lagi itong tinatawag na Oliver o Sam o Jordan. Two sets of identical twins ang magkakapatid na Legaspi, pero halos iisa ang mukha nila kahit pa ilang taon ang tanda nina Oliver at Gareth kina Jordan at Sam.

Ang naaalala niyang unang-unang tao apart from their parents na nakapagsabi kung sino siya kahit katabi niya si Sam ay si Sophia. Aside from her, si Emma na lang at si Ellie ang nakakagawa noon. Biro tuloy nila, kung sinong babae ang makakapag-differentiate ng isang Legaspi sa kanyang mga kapatid ay siyang makakatuluyan nito. Totoo ba ang biro na iyon?

“I’m his twin brother, Jordan,” sagot niya. At hindi niya natiis na itanong, “Have we met before?”

Mabilis na umiling ang babae. “I’m Agent Gracie Garcia. Dadalaw sana ako kay Sophia.”

Nakatitig lamang si Jordan sa mukha nito. Pamilyar talaga ito. Hindi puwedeng hindi niya pa ito nakikilala, pero hindi rin niya maisip na makakalimutan niya ito kung makilala na niya.

“Dr. Legaspi?” untag nitong kinaway-kaway ang kamay sa harap ng mga mata niya.

Doon parang bumalik ang nakaraan sa kanya.

“Ikaw si Miss Gracie,” mahinang sabi ni Jordan. “Yung social worker na naka-assign sa mga street children na nagpunta sa school ni Mommy two years ago.”

He had no idea how he knew or how he remembered but he did. Hindi niya maaaring makalimutan ang mukha nito dahil marahil ito na ang pinakamagandang babae na nakita niya sa tanang buhay niya. At kung hindi nagkakamali si Jordan, na-love at first—or in his case, second—sight yata siya sa dalaga.

# 1

Kumaway si Gracie sa kanyang kaibigan at kapwa *NBI* agent na si Gabriel Avelino bago pumasok sa maliit na hardin sa harap ng bahay nila sa Ermita.

Ilang beses na siyang sinabihan nito na lumipat ng tirahan dahil hindi gusto ng kaibigan na roon siya nakatira lalo na at madalas silang abutin ng dis-oras ng gabi sa opisina o kaya sa mga assignments.

Hindi man mukha, ligtas ang lugar nilang iyon. Tahimik naman at mababait ang mga nakatira. Pero kahit ilang beses pa niyang sabihing okay lang siya sa tinitirhan nila ng pamilya na kinabibilangan ng kanyang Lola Salia at ng pamangking si Rosalie, pilit pa rin siyang inihahatid ni Gabriel sa tuwing mag-aabot sila ng uwi sa opisina.

Lamang lang ng isang paligo sa tunay na squatter's area ang compound na tinitirhan ni Gracie. Ang bahay nila ang isa sa kakaunting mga bahay na sementado sa lugar na iyon dahil nakuha pang ipagawa ng kuya niya ang bahay para sa kanila bago ito napatay.

*NBI* agent rin ang Kuya Noli niya. Pauwi na

ito galing sa headquarters nang ma-holdup ang sinasakyan nitong jeep. Nanlaban ito at nabaril ng isa sa mga holdupper at hindi na umabot pa ng buhay sa ospital. Naulila nito ang isang taong gulang na anak at iniwan ang pangangalaga niyon kay Gracie. Ang asawa nito ay namatay sa panganganak kay Rosalie ilang taon na ang nakakaraan.

Sinusian niya ang pinto at marahang binuksan iyon. Pinilit niyang hindi gumawa ng ingay dahil mababaw matulog ang kanyang mga kasambahay at ayaw niyang maistorbo ang mga ito. Pero nang isara niya muli ang pinto, nagbukas ang ilaw sa silid ni Lola Salia.

“Gracie?” tawag nito.

“Ako nga, Lola,” sagot niya at tinungo ang silid ng matanda. Isa lamang ang silid-tulugan sa mumunti nilang bahay at doon niya pinapatulog ang lola at ang pamangkin. Sa isang folding bed sa sala siya natutulog. Nagsabit lamang siya ng kurtina para mahiwalay ang area na iyon sa maliit ding kusina.

Nakaupo sa kama ang matanda at tulog na tulog naman ang batang katabi nito. “Anong oras na?”

“Pasado alas doce na, 'La,” sagot niya bago nagmano.

“Kumain ka na?” tanong nito. “Birthday ng apo ni Menchie kaya nagpadala kanina ng pancit.”

“Kumain po ako sa opisina. Hindi naman po kayo nahirapan kay Rosalie?”

Three years old na ngayon ang pamangkin niya pero hindi pa rin ito nagsasalita. Kamakailan lang, na-diagnose ito na may *Austism Spectrum Disorder* at nangangailangan sila ng may kalakihang halaga para maipagamot at mapa-therapy ito.

Ni minsan hindi naging mayaman ang pamilya nina Gracie. Iginapang lang siya ng kuya niya kung kaya nakapag-aral siya at nakapagtapos ng accountancy. Nagpasya siyang mag-*NBI* agent tulad ng kanyang kuya nang mamatay ito. Gusto niyang ipagpatuloy ang kung anumang sinimulan ng kapatid. Pero gaano lang naman kalaki ang suweldo niya?

“Kumusta ang trabaho?” muling tanong ng abuela.

Nagpumilit siyang ngumiti. “Okay lang din po. Malapit na naming matapos ’yung huli naming kaso ni Gabe.”

“Ah, ’yung kaso n’ung drug addict ba iyon?” Kahit mag-o-ochenta años na ang matanda, matalas pa rin ang isip nito. “Nahuli ba ninyo?”



“Opo.” Iyon lang ang sinabi niya. Ayaw na niyang sabihing napatay nila ni Gabe si Troy. Sa totoo lang, ayaw rin niyang isiping bala niya ang kumitil ng buhay nito. Oo nga at trabaho lang ang ginawa nila at sinagip nila ang buhay nina Sam at Sophia pero sa huli, pumatay pa rin sila.

“Mabuti,” sabi ni Lola Salia. “Nang mabawasan ang haragan sa mundo.”

Ngumiti siyang muli at hinalikan ang noo ng lola. “Matulog na po kayo ulit.”

Nang muli itong mahiga, lumabas siya ng silid at nagtungo sa banyo. Nag-shower siya at nagsepilyo bago bumalik sa kanyang sleeping area. May maliit siyang aparador kaya roon na rin siya nagbihis. Pagod ang katawan ni Gracie pero nang makahiga, hindi naman siya nakatulog kaagad.

Bigla niyang naisip ang patong-patong niyang mga bayarin. Nariyan na naman ang bills sa tubig at kuryente, ang panggastos sa araw-araw, sa pagkain, sa pamasahe, sa gamot at mga bitamina nina Lola Salia at Rosalie. Oo nga’t malakas pa ang abuela, pero matanda na ito at hindi niya puwedeng balewalain ang kalusugan nito. Naroon pa ang pinag-iipunan niyang pampagamot ng pamangkin.

Hindi biro ang kakailanganing pera para sa therapy nito. Kailangan din nito ng oras niya. Kailangan niyang makasama sa mga sessions nito na halos apatnapung oras kada linggo—oras na hindi kayang ibigay ng dalaga dahil may trabaho siya. Hindi naman siya puwedeng tumigil sa pagtatrabaho dahil kailangan niya nga ng pera para mapa-therapy si Rosalie.

Hindi lang iyon, siyempre kailangan ng bata ng espesyal na edukasyon pagkatapos noon. Hindi ito puwedeng pumasok sa ordinaryong paaralan lamang. Gaano na kamahal ang magpaaral ng isang special child?

Kapag naiisip ni Gracie ang mga ganoong uri ng problema, gusto na lang niyang umiyak. Naaawa siya kay Rosalie at kay Lola Salia dahil hindi niya mabigyan ng maginhawang buhay ang mga ito.

Iyon lang ang frustration niya. Hindi bale nang wala siyang love life at hindi na magkakaroon niyon kahit kailan, dahil wala siyang panahon para roon. At lalong wala siyang oras para sa lalaking aagaw lang ng atensyon niya sa pagtataguyod ng kanyang pamilya.

Bumaling si Gracie at pumikit. Kakayanin niya ito. Darating ang araw na giginhawa rin sila. Magsisipag

siya nang todo. May awa ang Diyos.

Nakatulog siyang nagdarasal.

---

Sa mga oras namang iyon, si Gracie ang laman ng isip ni Jordan habang nagpapanggap itong interesado sa pinapanood na DVD at nakaupo sa sahig ng entertainment room sa bahay ng panganay na kapatid.

“Lalim ng iniisip mo, ”Tol,”” sabi ni Sam habang pinagmamasdan ang kakambal.

Dahil sa stress sa trabaho at hirap ng kanilang napiling propesyon, madalas silang magkaayaang mag-relax, pero bihira ring matuloy lalo na at lahat sila ay busy. Mabuti nga ngayong nagkayayaan silang magkakapatid na mag-inuman ay tumugma ang kani-kanilang mga schedule. Ibig lang sabihin niyon, magpapakabusog sila sa chichirya at softdrinks dahil lahat sila ay hindi mahilig sa alak.

“Alam ko na kung ano’ng iniisip niyan,” sabi ni Gareth habang nakatitig pa rin sa T.V.

“Babae?” tanong ni Jordan dahil iyon naman talaga ang nasa isip niya.

“Hindi,” sagot ng kapatid. “Pagkain.” Binalingan

siya nito at niginisian. “Kelan ka ba nag-isip tungkol sa babae?”

Binato niya ng balot ng potato chips ang kuya. “Tadu.”

“Pero hindi nga,” sabi ni Oliver na hininaan pa ang volume ng pinapanood bago siya pinagmasdan na para bang gusto nitong kunin ang kanyang temperatura. “Babae nga?”

Pagdating talaga sa love life, tsismoso ang mga kapatid niya. “Naaalala n’yo ’yung Halloween party sa school two years ago? Naaalala n’yo ’yung social worker na naka-costume ng Japanese geisha?”

Umiling sina Gareth at Oliver, pero tumango si Sam. Malimit na nakakakalimot ito ng tao lalo pa at babae. “Oo, ’yung matangkad na sexy?”

Kinutusan ito ni Oliver.

“Bakit?” reklamo nito habang hinihimas ang likod ng ulo. “Di porke mag-aasawa na ’ko, hindi na ’ko nakaka-appreciate ng sexy.”

“Makakarating kay Sophia,” ani Jordan. Siya naman ang hinampas ng kakambal. “Wala kang galang sa nakatatanda!” reklamo niya habang tumatawa.

Kasama ni Sophia sina Emma at Eleanor sa itaas ng bahay, mayroong Girls' Night kung saan mag-uusap umano ang mga ito tungkol sa nalalapit na kasal nina Gareth at Ellie habang natutulog ang anak ng mga ito na si Emerson.

“What about the geisha?” balik ni Oliver sa kung ano ang pinagkukuwentuhan nila.

“Nakita ko siya kahapon sa ospital,” sagot ni Jordan. “Dumalaw siya kay Sophia.”

“Dumalaw kay Sophia? Wala namang dumalaw kahapon puwera na lang kay...” Natigilan si Sam. “Si Gracie’yung Japanese geisha?” Nagsalubong ang mga kilay nito bago namilog ang mga mata. “Siya nga! Si Gracie nga!”

Tumango si Jordan. “Yeah. Undercover din siya noon bilang social worker.” Saglit itong natahimik. “She knew who I was.”

“Ano’ng ibig mong sabihing?” tanong ni Gareth.

“Tinawag niya akong ‘Dr. Legaspi’ pero noong lumapit siya sa ’kin, sinabi niyang hindi raw ako si Sam.”

Ilang segundong walang nagsalita sa kanila bago malakas na kantiyawan ang nangyari.

“Tol!” sabi ni Sam na siniko pa si Jordan. “Ayan na ang soulmate mo. Ligawan mo na habang hindi pa nai-in love d’un sa maton niyang partner.”

“May partner siyang maton?” kunot-noong tanong niya.

“Si Gabe, ’yung *NBI* agent na nagpapanggap na kabarkada ni Sophia,” paglilinaw ni Sam. “Nakamotor ’yun, ’Tol. Paano ba ’yan? Paano kung hindi clean cut ang type ni Gracie? Wala pa naman yatang mas ki-clean-cut pa sa ’yo!”

“Ano nama’ng pakialam ko sa type niya?” defensive na sabi ni Jordan kahit pa nag-alala siya sa sinabing iyon ng kakambal. Magpahaba kaya siya ng buhok o magpatubo ng balbas? “Sinasabi ko lang na nakita ko siya at nakilala niya ako, kung anu-ano na ang sinabi n’yo.”

“Alam mo, hindi mo naman kasi babanggitin ’yun kung hindi ka concerned, eh,” turo ni Oliver. “So, manliligaw ka na nga sa kanya?”

“Anong manliligaw?” halos pasigaw na sambit ni Jordan. “Ni hindi ko nga kinuha ’yung number niya!”

“Sa *NBI* lang naman siya, di ba? Ano ba’ng number ng *NBI*?” tanong ni Gareth na hindi inaalis ang tingin sa kanya.

“Nasa website nila,” nakasimangot pa ring saad ni Jordan bago pa na-realize na binubuyo lang siya ni Gareth. Muling nagtawanan ang mga kapatid niya kung kaya napangiti na lang siya at napaamin. “Okay, so medyo tinamaan ako. Hindi ko alam kung paano o ano’ng nangyari, pero n’ung nakita ko siya parang...” Pilit siyang nag-isip ng salitang maglarawan sa kung ano ang naramdaman niya nang makita si Gracie ngunit wala yatang tamang salita. “Basta...”

Muling tumawa ang mga kapatid. Inakbayan siya ni Oliver. “Tol,” sabi ng kuya. “Sinabi ko sa ’yo, hindi ako naniniwalang tatanda kang binata.”

“Hindi pa nga ako nanliligaw, kasal na kaagad ’yang sinasabi mo,” nakasimangot niyang tugon.

“Kelan ba naman na-in love ang isang Legaspi na hindi nag-isip ng kasal?” muling tanong ng panganay nila at tumikhim si Sam bago itinuro ang sarili. “Puwera kay Sam.”

Habang tumatawa ang tatlo, napaisip naman si Jordan. Tama si Oliver. Kapag nagmahal ang isang Legaspi, seryoso iyon at matindi.

But who was talking about love? Ni hindi pa niya nakakausap nang matino si Gracie. He could not be in love with her, not yet. Hindi naman puwedeng ma-in

*Immune To Love - Elise Estrella*

---

love ka na lang sa isang taong hindi mo pa nakikilala.

Love is deeper than that. It means more than that. Hindi iyon bigla-biglang nangyayari, hindi ba?

It was just an attraction, infatuation. She was a beautiful woman and an interesting one.

Tama. He couldn't be in love with her. But it sure would be nice to find out if he could be.



## 2

Kinabukasan, nasa opisina niya si Gracie at abala sa pagsusulat ng ilang reports tungkol sa kaso ni Marielle Amadeo, ang huli nilang assignment ni Gabe.

Naka-schedule silang tumestigo laban sa iba pang mga sangkot sa pagkamatay ng dalaga at sa pagbebenta ng mga ito ng bawal na droga kung kaya busy siya sa pagtulong sa mga abogado sa pagbuo ng kaso laban sa mga ito. Pero kahit na nahuli nila ang mga salarin, hindi pa tapos ang kaso. Ang napatay nila ay ang drug pusher. Hindi pa nila nahuhuli ang supplier. Nangangalahati na siya sa isang report nang biglang mag-ring ang telepono.

Sinagot niya iyon at kumunot ang kanyang noo nang magsalita ang nasa kabilang linya. “Uhm, may I speak with Agent Gracie Garcia, please?”

“Speaking, who is this?”

“Hi!” bati ng lalaki. “This is Jordan Legaspi.”

Sumimangot siya. Bakit ito tumatawag sa kanya?  
“Ha?”

“Uhm, si Jordan,” banggit muli ng kausap na may

pag-aalinlangan na ang tinig. “Yung kapatid ni Sam.”

“Alam ko,” sagot niya na di-sinasadyang naging mataray ang tinig. Nagulat lang talaga siya. “Sorry. I mean, alam ko kung sino ka. Uhm, bakit?” *Great*, isip niya. *Kahit sa telepono wala kang ka-poise-poise.* “May problema ba?”

“Ah... wala naman,” anito bago nanahimik. Hindi rin umimik si Gracie. Naghintay lang siyang magsalitang muli ang lalaki. “Dammit, Jordan,” narinig niya ang mahinang bulong nito sa sarili. “I’m sorry, okay. Tumawag ako kasi I wanted to ask if you want to go out to dinner.”

Kung nabigla ang dalaga na tumawag ito, mas nabigla siya sa huling sinabi nito. Oo nga’t kilala niya ang kakambal nito. Hindi sila close pero at least acquaintance niya sina Sam at Sophia. Pero dalawang beses pa lamang niyang nakikita si Jordan, noong Halloween party sa paaralang pag-aari ng pamilya nito at noong araw na dumalaw siya kay Sophia sa ospital. At kahit pa hindi ganoon ang sitwasyon, wala sa bokabularyo ni Gracie ang makipagkita sa kung sinong lalaki para maghapunan.

“Dinner?” ulit niya.

“Yes, dinner. I’m sure kumakain ka naman ng

dinner, hindi ba?”

Bumukas ang bibig niya pero walang lumabas na mga salita. Sarkastiko ba ito? “Look, Dr. Legaspi—”

“Jordan,” pagtatama nito.

“Look,” sabi niyang hindi pinansin ang pagsingit nito. “Salamat sa pag-aaya. Oo, kumakain ako ng hapunan, pero wala akong panahong kumain ng hapunan kasama ka. Thank you for the offer, but no thanks. Kung ’yun lang, thank you for calling. Goodbye.” Inis niyang ibinaba ang telepono. “Istorbo.”

Napasinghap siya sa gulat nang makitang nakatayo na pala sa tapat ng pintuan ng opisina si Gabriel. Nakataas ang isa nitong kilay.

“Sino na naman ang sinusungitan mo?” untag nito.

“Tumawag dito si Dr. Legaspi,” sagot niya. “Si Jordan Legaspi, nag-aayang mag-dinner.”

Pumasok si Gabe sa opisina niya at naupo sa tapat ng kanyang mesa. Hindi na ito ang bruskong, rugged Gabriel na kasama ni Sophia sa pagmamanman sa mga drug users sa *Rapture*. Nakapag-ahit na ito, nakapagpagupit at nakasuot ng slacks at polo. “At base sa narinig ko, you said no?”

Tumango ang dalaga at muling binuklat ang isa sa gabundok na file folders sa mesa niya. “Wala akong panahong makipaglokohan sa kanya.”

Pinagkrus ni Gabe ang mga braso sa matipunong dibdib nito. “Sa tingin ko naman malayo ang pag-aaya ng dinner sa pakikipaglokohan.”

Inirapan ni Gracie ang kaibigan. “Pareho rin ’yun.”

Umikot ang eyeballs ng binata. “Kung makaasta ka para kang pinendeho ng ex-boyfriend mo, alam mo ’yun? Nagtataka lang ako sa ’yo kasi alam ko namang wala ka pa namang nagiging boyfriend kahit pa twenty-six ka na, so out na sa teorya ko ang gagong ex.” Ipinatong nito ang isang siko sa mesa niya at nangalong-baba. “So tell me, who broke your heart? O baka naman ako pala ang may sala dahil hindi ko pinapansin ang pagpapa-cute mo sa ’kin.”

Pinukpok niya ng folder sa noo si Gabe at tumawa ito bago muling nagseryoso. Kinuha nito ang kanyang kamay. “Gracie, kapatid na ang turing ko sa ’yo,” sabi nito habang nakatingin sa kanyang mga mata. “Hindi mo maiaalis sa ’kin na mag-alala ako tungkol sa ’yo. Puro ka na lang trabaho. Halos magkanda-kuba ka na. Alam kong hindi na nga biro ang ginagawa natin ’tapos...”

“Gabe,” pinisil niya ang kamay ng binata, “alam mo naman ang sitwasyon ko ngayon. Kailangan kong makaipon para kay Rosalie.”

“Kung tinatanggap mo ba kasi—”

Mabilis niyang binawi ang kamay mula sa kaibigan at umiling. “Tama na ’yung utang na loob ko sa ’yo. Ayokong abusuhin pa iyon. Hanggang sa kaya ko, kakayanin ko.”

Bumuntong-hininga ang lalaki. “Kaya ko nga hindi pinipilit. Pero alam mo namang kung kailangan mo, nandito lang ako, di ba?”

“Opo, Kuya,” nangingiti niyang saad. Ang totoo, na-a-appreciate niya ang alok na tulong pinansyal ni Gabe. Gusto niya ang ideya na kung kailangan talaga niya, maaari siyang tumakbo rito. Kaya nga hindi niya inaabuso iyon.

“At dahil na-establish na nating mahal mo ako at hindi mo ako sasaktan, may ikukumpisal ako,” biglang sabi nito.

Nag-angat ng ulo si Gracie at pinagmasdan ang kaduda-dudang ngiti ng kaibigan. “Ano ’yun?”

“Ako ang nagbigay kay Jordan ng numero rito at ng cellphone number mo.”

“Ano!” himutok ni Gracie sa lalaking nanatiling nakangisi.

“Kinausap ako ni Sam. Saka nakilala ko ang mga Legaspi. I like them.” Kinurot nito ang ilong niya bago tumayo. “Punta lang ako sa office ko. See you later!”

Nakalayo na ang binata pero hindi pa rin naisasara ni Gracie ang kanyang nakaawang na bibig.

---

“Basted yata ako kaagad,” sumbong ni Jordan habang sabay silang kumakain ni Sam ng tanghalian sa cafeteria ng ospital na pinagtatrabahuhan.

Halos mabulunan ang kakambal niya. Nagkanda-ubo ito sa paglunok ng kinakaing fried chicken at kinabog-kabog pa ang dibdib. Inisip tuloy niya kung tatayo na ba siya at magpe-perform ng Heimlich Maneuver, pero inabot ni Sam ang plastic bottle ng mineral water at lumagok doon. Nang malunok ang sinubong manok, malakas itong tumawa hanggang sa gusto na ni Jordan na isalaksak sa lalamunan ng kapatid ang natirang ulam sa pinggan nito.

“Sorry, sorry,” hinihinal na ani Sam. “Kung nakita mo lang kasi ’yung mukha mo n’ung sinabi mo ’yun. Mukha kang naluging Intsik.”

Sumimangot si Jordan at pinagmasdan ang nakakalokong ngiti sa mukhang nakikita rin niya araw-araw sa sariling salamin.

“Ganoon din naman kasi ang pakiramdam ko,” amin niya. “I mean, gaano ba kahirap manligaw? I called her up and asked her to dinner. Tinarayan lang ako at sinabing thanks, but no thanks.” Nagkibit siya ng balikat. “Parang high school lang! Ang masama noon, hindi ako nasabihan ng ‘thanks, but no thanks’ noong high school.”

“Na-spoil ka lang,” ani Sam. “Paano, sanay kang nagkakandarapa ang mga chicks sa ’yo.”

Muling napaisip si Jordan. Wala nga yata sa kanilang Legaspi ang nabasted ni minsan. Si Sam lang; at si Sophia pa ang nambasted dito kung maituturing bang ‘basted’ iyon.

Hindi siya playboy dahil hindi pa siya nanligaw sa babaeng hindi niya sineryoso nang maging girlfriend niya. Pero iyon na nga iyon. Wala siyang niligawan na hindi niya naging girlfriend.

“Hoy.” Kinalabit siya ni Sam at nag-angat siya ng paningin. “Okay ka lang? Bigla ka na lang natutulala, ah.” Nang hindi siya sumagot, bumuntong-hininga ito. “Huwag mong problemahin iyon,” sabi nito bago

muling sumubo ng pagkain. “Madami pang babae sa—”

“That’s just it,” sabat niya bago pa man masabi ng kapatid na marami pang babae sa mundo. “I don’t think there are any other women.”

Nalaglag ang panga ng kapatid niya. “You mean...”

“Sam, as crazy as this sounds, I think I’m in love with her.”

Napainom muli ng tubig ang kakambal. “Dan, you don’t even know her.”

“Alam ko ’yun,” saad niyang puno ng frustration ang tono. “Logically, alam kong hindi ko siya kilala, pero n’ung nakita ko siya ulit na walang makeup ang nasabi ko lang, ‘*Ayan, nandito ka na*’. Parang ang tagal kong naghintay ng tamang babae ’tapos ’ayun na siya. It’s weird.”

Pinagmasdan lang siya ni Sam na para bang bacteria siya sa ilalim ng microscope. Alam niyang nawi-weird-uhan din ito sa kanya. Siya ang pinaka logical at down-to-earth na Legaspi—iyong steady, maaasahan at realistic pagkatapos heto siya ngayon, naniniwalang na-love-at-first-sight siya sa isang babaeng hindi niya kilala at ayaw sa kanya.



“Hindi ko alam kung ano ang sasabihin ko, Bro,” saad ni Sam. “*Okay ka lang?*” O “*congratulations?*”

Payak siyang tumawa.

“Seriously,” patuloy ni Sam. “Medyo nag-aalala lang ako kasi hindi ako makapaniwala na mahal mo na kaagad si Gracie. Pero masaya ako para sa ’yo kasi at least, in love ka.”

“And being in love yourself, gusto mong masaya rin ang mga tao sa paligid mo.”

Malaki ang ngisi ni Sam. “Akala ko joke lang ’yun,” sabi nito. “Na babae lang ang nakakaramdam noon, pero totoo pala. ’Yun talaga ang gusto ko para sa ’ting apat,” tukoy nito sa kanilang magkakapatid. “Lalo na sa ’yo, Bro. Kakambal kita, eh. Gusto kong masaya ka rin.”

Ngumiti si Jordan. Kahit kailan talaga...

“Well, since ikaw ang may experience na manligaw sa babaeng ayaw sa ’yo, any advice?”

Umakto itong nag-iisip nang malalim bago nagkibit. “Huwag mong isuko ang laban,” sagot lang nito. “Iba kami ni Sophia. Hindi kami talaga dumaan sa ligawan, pero ikaw, mukhang kailangan mong gawin ’yan. So ’yun lang. Kung talagang gusto mo si

Gracie, huwag kang susuko hanggang sa sigurado ka nang wala ka nang pag-asa.”

“Kelan ko malalaman iyon?”

“Ikaw na lang ang may alam noon.” Inubos na ni Sam ang pagkaing nasa pinggan nito bago sinipat ang sarili niyang lunch tray. “Kakainin mo ba ’yan?” turo nito sa pagkain niya. “Akin na lang kung hindi.”

Dahil wala na siyang gana, itinulak niya ang pinggan palapit sa kapatid. Gumagana na ang utak niya. *Huwag isuko ang laban.*

He wasn't afraid of a challenge, lalo na at napakalaki ng nakataya. Gracie better brace herself. Makakatikim ito ng kung paano manligaw si Jordan Legaspi.